[Katipunan](https://archium.ateneo.edu/katipunan)

Volume 11
Issue 2 *Buhian*

Article 14

12-4-2023

# Itaas ang Kamay at Iwagayway

## Throw Your Hands in the Air Like You Just Don't Care

Vincent Christopher A. Santiago
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*, vasantiago@up.edu.ph

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Santiago, Vincent Christopher A. (2023) "Itaas ang Kamay at Iwagayway," *Katipunan*: Vol. 11: Iss. 2, Article 14.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss2/14

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

# Itaas ang Kamay at Iwagayway

*Throw Your Hands in the Air Like You Just Don't Care*

Vincent Christopher A. Santiago
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
vasantiago@up.edu.ph

## Abstrak

Ang kuwentong ito ay nakasentro sa panipis nang panipis na mga ugnayang domestiko sa pagitan ng mag-asawang Chard at Meling, at ang dalawa nilang anak na sina Bugsy at Jonesy. Si Bugsy ay papatapos na sa kaniyang kursong Civil Engineering at desididong kumuha ng licensure examinations sa susunod na taon. Ang pagkadesidido niyang ito ay nagmumula sa pagkabigo ng kaniyang ama na nakatapos nga ng naturang kurso ngunit hindi na nakuha ang lisensiya sa pagiging inhinyero. Si Meling naman at Jonesy ay nagkakaisa sa pagpapaalala at pagtawag ng pansin sa mag-iisang taon nang sira nilang telebisyon. Sa panahon kung saan nakalunan ang kuwento, pangunahing libangan pa rin ang panonood ng iba't ibang mga palabas sa TV. Magpipresenta ng oportunidad upang mapanumbalik ang kapayapaan at katahimikan sa kanilang tahanan ang isang sorpresang raffle draw sa Christmas party sa kanilang kapitbahayan, pati na ng oportunidad kay Bugsy na balikan ang isang bahagi ng kaniyang pagkabata na matagal na niyang isinantabi.

*This story is centered on the strained domestic relations between the couple Chard and Meling and their two sons Bugsy and Jonesy. Bugsy is set to finish his Civil Engineering degree and is determined to take the licensure examinations the following year. This determination of his stems from his father's failure who, despite finishing the same degree, was*

*unable to secure an engineering license. Meanwhile, Meling and Jonesy are united in reminding and directing everyone's attention to their television which has been busted for almost a year. In the period when the story is set, watching TV shows is still the primary source of entertainment. A surprise raffle draw in their neighborhood Christmas party will present itself as an opportunity to potentially restore peace and quiet in their household, while also presenting Bugsy with an opportunity to look back at a part of his early childhood that he had disregarded for a long time.*

**Mga Susing-salita**

realismo, kapirasong buhay, subdibisyon, pagdadalaga/pagbibinata

*realism, slice of life, subdivision, coming-of-age*

## Tungkol sa May-akda

Si Vincent Christopher A. Santiago ay kasapi ng kaguruan sa Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham-Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nailathala na ang kaniyang mga akdang pampanitikan sa *The Literary Apprentice*, *Revolt Magazine*, at *Ilahás Literary Journal*. Naging fellow siya sa Ika-18 na Ateneo National Writers Workshop na ginanap online noong Hunyo 2021.

## Sina Bugsy sa Breezyville at ang Mega-Urban Region (MUR) ng Pilipinas

Pinoproyekto ko sa akdang ito ang pagsalamin sa buhay sa loob ng gated community o "subdibisyon" sa Pilipinas; iyong partikular na klase nitong tinitirhan ng lower to middle class na mga Pilipino. Ayon sa heograpo at iskolar na si Andre Ortega, mas malawak ang pakahulugan ng salitang "subdibisyon" sa konteksto ng bansang Pilipinas. Nagpapakita ang kategoryang ito ng magkakaibang antas ng pagkaeksklusibo at uring panlipunang baryasyon sa imahen at konteksto ng suburbia sa Estados Unidos (*Neoliberalizing Spaces* 169).

Sa simula nito sa kasaysayan, may konotasyon na mayayaman ang mga taga-subdibisyon dahil ang pinakaunang mga ehemplo ng mga pamayanang ito ay itinayo sa mga siyudad katulad ng Makati, Lungsod ng Quezon, at Las Piñas. Pawang mga mayamang pamilya ang nagsibili ng mga lote sa mga lugar na ito at pinatayuan ng kani-kanilang mga tahanan.

Kaiba sa prototipong ito ng subdibisyon sa kasaysayan, sinikap ipakita sa kuwentong "Itaas ang Kamay at Iwagayway" ang buhay, hindi sa mayayamang gated community sa sentro ng Kalakhang Maynila katulad ng Makati o New Manila sa Lungsod ng Quezon, kundi ang buhay sa mga gated community na produkto ng development sa mga karatig lugar at periphery: Marikina, Pasig, Cainta, at Lower Antipolo. Ang mga elemento na nagdurugtong sa ganitong mga gated community sa mayayaman nilang katumbas sa Forbes Park o Dasmariñas Village ay ang pagkakaroon ng gate, mga pader, mutli-purpose hall na madalas tawaging "club house", basketball court, minsan swimming pool, mala-suburban na kaayusan ng mga kalye, at mga nag-iisa at nagsasariling mga tahanan (*single detached homes*) (Ortega, *Neoliberalizing Spaces* 169).

Ang urbanisasyong nagsimula at patuloy na umiiral sa Kalakhang Maynila ay hindi na lamang nalilimitahan sa mga itinakdang hanggahan ng estado ng National Capital Region, makakarakterisa na ang pagkalawak-lawak na lugar na ito bilang isang "Mega Urban Region" o MUR (Ortega, "Mapping Manila" ). Ang MUR ay isang komplikado at tagni-tagning sistema ng mga magkakaugnay na siyudad na nakakalat sa isang malawak na teritoryong sumasaklaw sa daan-daang mga kilometro (Rodrigue). Sa katunayan, sinisipi pa ni Ortega sa kaniyang pananaliksik ang kategoryang *desakota* (mula sa mga salitang Bahasa Indonesia na *desa* 'pamayanan' at *kota* 'lungsod') mula sa heograpong si Terry McGee (1991) upang masimulang maunawaan ang lugar ng pagtatagpo ng mga ekonomiya, paraan ng pamumuhay, at kabuhayang

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

madalas hatiin sa mga tradisyonal na kategoryang “urban” at “rural”. Ayon pa kay Ortega, ang mga Asyanong lungsod—sa Pilipinas, sa Thailand, sa Indonesia, atbp.—ang mga pangunahing sityo ng ganitong mga panibagong distribusyon ng populasyon at human settlement (“Mapping Manila” 1). Kumbaga, maraming mga nangyayari sa mga MUR sa mga bansang ito ang makapagpapaabante sa pagkakaunawa natin sa pamumuhay sa espasyong urban. Nagpipresenta ang mga ito ng pagkakataon na bigyan pa ng mas masinsin na karakterisasyon ang mga partikularidad ng mga lokalidad, lalo na sa pamamagitan ng mga metodolohiya at datos bukod sa statistical at quantitative na siyang pangunahing tuon ng pananaliksik ni Ortega (“Mapping Manila” 4). Ang maikling kuwento kaya ay puwedeng ituring na ambag sa ganitong pagdadalumat?

Sa Pilipinas, ang MUR ay sumasaklaw sa mga karatig lalawigang Pampanga at Bulacan sa hilaga, Rizal sa silangan, Cavite, Laguna, at Batangas sa timog (Ortega, “Mapping Manila” 6). Nakapagtala rin ang Rehiyon IV-A (CALABARZON) ng isa sa pinakamalaking bulto ng migrasyon ng mga tao mula sa iba’t ibang dako ng Pilipinas (Ortega, “Mapping Manila” 11).

Ang subdibisyon ng Breezyville kung saan nakatira ang pamilya ni Bugsy sa kuwento ay isang halimbawa ng subdibisyong matatagpuan sa MUR, partikular ang Rizal dahil sa mga pagbanggit sa mga malapit na lungsod katulad ng Marikina at iba pang bahagi ng Lungsod ng Antipolo. Ang kalakhan ng mga tao rito’y regular na pumapasok sa Makati o Lungsod ng Quezon para sa kani-kanilang full-time job. Tuloy-tuloy man ang daloy ng pera at sahod ngunit nararamdaman pa rin ang volatility ng ekonomiya at inflation. Karamihan sa kanila ay walang maaasahang malaking generational wealth. Kumbaga, isang malalang sakit lamang o isang aksidente ang makapagpapabaon sa utang o makapagpapadausdos sa hirap.

## Mga Sanggunian

Ortega, Arnisson Andre C. “Mapping Manila’s Mega-Urban region: A spatio-demographic accounting using small-area census data.” *Asian Population Studies*, Routledge, 2014, pp. 1-28.

---. *Neoliberalizing Spaces in the Philippines: Suburbanization, transnational migration, and dispossession*. Ateneo de Manila UP, 2018.

Rodrigue, Jean-Paul. “B.2 – Transportation and Mega-Urban Regions.” *The Geographyof Transport Systems*. https://transportgeography.org/contents/applications/transportation-mega-urban-region/.

## Itaas ang Kamay at Iwagayway

Inangat ko 'yung mukha kong nakasubsob na sa nakabuklat na *Structural Code* saka yellow pad sa study table ko. Nakatulog na naman ako, pambihira. Anong oras nga ba 'yung Christmas party mamaya? 7 'ata sabi ni Mama. Tumingin ako sa wall clock. 5:30. 'Ge, handa ko na siguro susuotin ko.

Inipit ko 'yung nalawayang yellow pad sa libro pagkatapos dampi-dampiin nang onti sa t-shirt ko tapos tumayo mula sa study table. Binalik ko na muna sa book shelf namin sa hallway 'yung *Structural Code*, isiniksik ko sa tabi nu'ng mga Michael Crichton ni Papa. Naalala ko lang, sabi niya, mas magaling daw si Crichton sa mga mala-sci fi na gawa niya, tingnan ko na lang daw kung gaano ka-successful 'yung *Jurassic Park* sa mga sinehan noon. Pero ako naman, sa totoo lang, mas nagustuhan ko 'yung mga realistic—'yung mga drama na halos at pa-suspense na mga kuwento niya. *Rising Sun* saka *Disclosure* pa ang nauna kong natapos, binuklat-buklat ko ulit 'yung dalawang magkatabing librong 'yun. 'Yung *Andromeda Strain* saka *Sphere*, hindi ko na tinapos. Pero baka naman may nakikita lang si Papa na hindi ko nakikita du'n sa mga ganu'n ni Crichton, balikan ko na lang pagtapos ng thesis.

Bumalik ako sa kuwarto at binuksan 'yung cabinet. Humugot ako ng blue na polo shirt galing sa pulumpon ng mga pang-itaas. Hinagis ko sa ibabaw ng kama. Kinuha ko naman 'yung maong na nakasabit sa likod ng pinto saka binato rin sa ibabaw ng kama.

At narinig ko na sila.

Nilapit ko pa sa pinto 'yung tenga ko. Boses ni Mama.

"Chard, pumili ka naman ng ibang damit, haharap ka sa tao mamaya, o!"

"E gusto ko 'to e! Saka naplantsa ko na!"

"Christmas party ta's mag-iitim ka? Ta's ano pa 'yang nakalagay na design, halimaw ba 'yan?"

"Xenomorph tawag d'yan. Sa *Alien*."

"Palitan mo! Ampangit!"

"Oki, oki, siya, siya, change outfit."

Dumaan 'yung mga lagabog ng mga paa ni Papa sa tapat ng pinto ko. Tsk, nagbibihis na sila. Dinukot ko 'yung tuwalyang nakasampay sa upuan ta's lumabas ng kuwarto. Mas luminaw na 'yung diskusyunan nila paglabas ko.

Tuloy lang sa pagsasalita si Mama habang nag-aayos ng mga sapatos sa labas ng pinto ng kuwarto nila.

Nabaling ang tingin niya sa 'kin. "Hoy Bugsy! 'Di ka pa pala naligo! Bilisan mo na!"

Saktong lumabas si Jonesy, nakabihis na at nagtutuyo ng buhok.

"'Ta mo si Jonesy, o, magsasapatos na lang. Maaga dapat si Papa du'n, pa-finalize pa nila 'yung kung anu-ano sa program. Bugsy! Bilis!"

Nagtatlong malaking hakbang na ako pa-CR para kita ni Mama na binibilisan ko nga.

Habang nagsa-shampoo, naririnig ko pa rin ang usapan nila.

"Diyos ko, Chard, mag-iisang taon na, wala pa rin tayong TV! Kelan ba pagagawa 'yan?"

Napunta na si Mama sa TV naming sira. Siguro binuksan ulit niya at umakmang manonood habang naghihintay na matapos akong maligo. Matagal-tagal na rin 'yung TV naming 'yun e. Sa Abenson pa namin 'yun nabili. JVC ang tatak. Doon sinubaybayan ni Mama 'yung *Ally McBeal* at saka *Dharma & Greg* niya. Si Papa naman, siyempre nasulit din. *X-Files* saka *Roswell* 'yung pinapanood niya nu'n. Naaalala ko, kami naman ni Jonesy, sabay minarathon 'yung *Hell Teacher Nube*, *Ranma 1/2*, *Master of Mosquiton*, *Vision of Escaflowne*, maski *Monster Rancher*.

Natatandaan ko pa, nu'ng papatalsikin na si Erap, napapraning si Jonesy kasi parang tinitingnan daw siya ni Clarissa Ocampo mula sa screen.

"Kuya, ba't siya nakatingin? Nakikita ba niya tayo? O ayan o, ayan o, 'pag titigil siyang magsalita, titingin siya o!"

"Timang! Siyempre, hindi! One way lang 'yung camera, 'nu ka ba."

Kung ipapaayos pa namin 'yung TV ay mapapamahal pa. 'Di na sulit, as in total wreck na talaga. Kuwento ni Papa, 'yung kung anong cathode ray shit sa loob 'yung sabog. 'Di ko na rin na-gets explanation niya e. Basta, ang mabuti pa raw, bumili na lang ng brand new. E kaso, alaws areps. Walang project si Papa ngayon. Medyo secret naming dalawa 'yun. Sinabi niya sa 'kin nu'ng isang araw na naiwan kami dito sa bahay. Si Jonesy ang sumama kay Mama para mag-grocery.

"Wala 'kong project ngayon, Bugs. Wala e."

"Alam po ba ni Mama?"

"…H'wag ka munang maingay."

Hindi ako nagsalita. Nagpatuloy siya, hininaan niya boses niya saka umusog papalapit sa 'kin sa sofa.

"Kaya ikaw, Bugs, pagbutihin mo. Ipasa mo 'yung boards next year. Mahirap 'yung 'di ka lisensiyado. Nakakaraos, project dito, project du'n, pero tiis-tiis talaga. Higpit-sinturon, 'lamoyun? Saka ayaw mo nu'n, mabibili mo 'yung mga gusto mo kapag engineer ka na. 'Pag may lisensiya ka na, 'sampirma mo lang, anlaki na nu'n!"

Natapos naman ni Papa 'yung C.E. niya pero hindi na siya nakapag-take ng board exams. Fourth year siya nu'n—parang ako ngayon—nu'ng nabuntis niya si Mama. Ako bunga nu'n. Siguro naging sobrang bilis na ng mga pangyayari at natabunan na lang nang natabunan 'yung prospect ng pagiging engineer talaga niya. Matalino naman kung sa matalino si Papa.

Lumabas ako ng CR. Sinilip ko sila sa salas. Nag-aantay na silang lahat doon. Naka-maroon na polo shirt na si Papa, pero nakapaa pa siya. Ganoon 'yun, mamaya na niya isusuot 'yung sneakers niya 'pag lalabas na talaga kami. Red naman blouse ni Mama. Si Jonesy, suot 'yung dating red na t-shirt ko na medyo pa-pink na at may patak-patak ng bleach. Pinandilatan niya ako ng mata saka bumibig ng "bilis!".

"Red a!" habol sa 'kin ni Mama nu'ng papasok na 'ko ng kuwarto. "Basta anything red o kahit maroon, ganu'n."

"Yes, Ma. Red."

Pinalitan ko 'yung una kong napiling blue na polo shirt ng red. Ganu'ng style din galing Bench, pero red version. Nagbihis na 'ko, lumabas ng kuwarto, ta's umalis na kami ng bahay. Naglakad na kami papunta sa Christmas party.

Kauna-unahang Christmas party 'yun ng Homeowner's Association sa street namin, sa pagkakaalam ko. O unang beses yata na nagkasama-sama at nagkita-kita lahat ng magkakapitbahay? Ewan. Sa front yard nina Tito Joey at Tita Marilou 'yung venue. Pumasok kami sa brown nilang gate. Dami nang tao.

"'Alanghiya, ba't nandito na silang lahat?" Binilisan ni Papa ang lakad.

"Ayaaan. Anong oras ba kasi talaga sinabi, 7 o 6?" singhal ni Mama.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Humanap kami nina Mama at Jonesy ng puwesto sa isa sa mga table habang si Papa, lumapit sa mga kasamahan niyang HOA officers sa harap. Sinurvey ko 'yung buong front yard, oo nga, nandito na lahat. Parang mapabagong lipat dito sa street hanggang du'n sa mga unang nagbakasakali sa 'di pa nade-develop na parteng ito ng Breezyville, um-attend.

"Pambihirang Papa 'yan, o. Secretary na secretary, male-late sa mismong event nila."

Dumugtong si Jonesy, "Ganyan 'yang si Papa e, kapag—"

"Shh. Magsa-start na o." Umayos na silang dalawa ng upo.

Tumayo sa harapan si Tito Joey, sa gitna ng dalawang loud speakers na sinet-up. Si Tito Joey 'yung president namin sa HOA. Magsasampung taon na yata siyang president kasi ang sabi e ayaw naman mag-step up nu'ng iba. Manipis na ang buhok niya, malaki tiyan, may suot na makapal na tortoise shell na salamin, saka may maong na Levi's. May maliit na buwaya ng Lacoste 'yung polo shirt niya na orange tapos magka-match 'yung light brown na sinturon niya pati Sperry Topsiders na suot niya. May hardware store sa may papuntang Cogeo si Tito Joey. Naipundar daw niya 'yung pampatayo noon sa ilang taong pagda-driver niya sa Abu Dhabi.

"O, Ma, hindi naman pala kailangang red e," bulong ko.

"E sila 'yun. Tayo, red tayong lahat. Matching."

Hinanap muna ni Tito Joey 'yung puwesto kung saan hindi magfi-feedback 'yung mikropono, saka siya nagsimulang magsalita.

"Ah, yes, uh, good evening ho. I would, uh, like to, uh, welcome all op you to our Christmas party. Natutuwa ho ako na… I see familiar faces, I see new faces. But, uh, I am hoping na sana mas, uh…lumalim pa ang pagkakilala natin lahat dito sa parteng ito ng ating community. At eto ho, nandito na ho si Chard, si Mr. Crisostomo ang ating secretary, kasama si Meling at mga anak nilang si Bugsy saka Jonesy. Chard, would you like to say a few words, Chard?"

"Hi, good evening everyone."

Nag-iiba talaga voice quality ni Papa 'pag iba kaharap, 'pag maraming tao. Mas buo boses niya at may onting twang pa 'yung English. Hindi naman Amerikanong-Amerikano na parang ginagaya lang niya si Agent Mulder, pero may attempt. Kuha rin. Puwede na.

"On behalf of the officers of our Homeowner's Association, I'd like to thank you all for coming. Celebration po ito, first and foremost, kasi napasementuhan natin ulit 'yung kalye natin. Alam naman nating hindi tayo nasali sa overall road works ng Breezyville e, kaya tayo na ang nagdesisyon at nagtulong-tulong para matapos ang proyektong ito. Finally, let's clap for ourselves, everyone! We did it!"

Palakpakan naman 'yung mga tao. Umusog nang onti si Mama papalapit kay Jonesy saka humirit.

"Palakpakan din niya 'yung TV nating sira."

Napakamot ng ulo si Jonesy, "O'nga po e, nakikinood pa ako sa bahay nina Lester sa kabila para ma-submit ko 'yung balitaan activities namin sa A.P."

Bumaling ako sa kanila, "Shh, rinig kayo, o!"

Kita ko, tumingin si Papa sa 'min. Sumeryoso ang mukha niya saglit, pero pagkaharap sa ibang tao sa audience, binalik niya ulit sa ngiti.

"But of course, we'd just like to get to know each other more, right? Para 'pag nagkakasalubong tayo diyan sa street o sa bungad, sa may gate, hindi tayo puro ganu'n lang," at pinakita ni Papa 'yung nagtataas lang ng kilay bilang pagbati.

Tawanan lahat. Makarisma din 'tong si Papa. May abilidad din sa PR. Kung sapat lang sana 'yung karisma sa pag-iiskor ng proyekto sa mga kliyente.

Natapos na ring magsalita lahat nu'ng officers. Saka nagdasal si Tito Joey para sa pagkain. Pagkadasal, nagpahabol siya.

"Ay, siyempre, let's not porget, thank you to Mrs... the Manliclic family, for da delicious food. Salamat, Techie!"

Sina Mrs. Manliclic ang may-ari nu'ng Kainan, Kwentuhan sa Kanto ($K^3$) sa may Tuason, papuntang Marikina. Siyempre, tayo naman si Mrs. Manliclic, kaway nang parang si Sandara Park. Katabi niyang nakaupo si Mr. Manliclic ta's 'yung anak nilang nag-iisa na batang lalaki. Naka-matching outfits silang pamilya—plaid 'yung blouse ni Mrs. Manliclic ta's naka-plaid na polo si Mr. Manliclic. 'Yung anak nila, busy sa paglalaro sa kaniyang Gameboy, may nakakabit pang maliit na light para makita niya 'yung screen sa gabi. Tinapik siya ng tatay niya para tumayo at kumuha na ng pagkain. Tumayo lang 'yung bata ta's sumunod sa kanila sa pila, pero hindi niya inalis 'yung mata niya sa Gameboy.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pamilya na namin ang tinawag. Ako 'yung nauna sa 'min sa pila. Nu'ng nakalapit na ako sa buffet table, nakita kong nandito pala sa party si Patricia. Du'n sila nakapuwesto malapit sa pagkain. Ba't 'di ko napansin nu'ng nagtatawagan ng mga pamilya kanina? Baka humabol lang siya ng dating? Pinakanatatandaan kong memory sa kababata kong 'to, nakakatawa. Naglalaro kami nu'n ng bahay-bahayan. Yata. Ta's, aba, tinotoo ba naman 'yung pagiging asawa-asawahan! Sinampal ako! Ansakit nu'n! Ewan ko na ngayon kung ano ba pinag-awayan namin nu'n. Pero unang beses ko 'yun makatikim ng malutong na sampal. E 'di ayun, nagmumukmok ako pagkauwi galing bahay nila. Tinawanan lang ako nu'n nina Mama nu'ng nakita nilang nakatalungko lang ako du'n sa sulok sa tabi ng sofa.

"Ano naman kasi ginawa mo!"

Ako pa naging kontrabida. Badtrip.

Pero ngayon, iba na 'tong si Patricia. Nauna siya sa 'king grumaduate kasi five years nga ang C.E. Sa nakuha ko sa onting pag-eavesdrop sa usapan ng nanay niya saka ni Mrs. Manliclic, Business Ad pala si Patricia sa UP. Tapos, balak daw mag-law school. Straight na buhok niya ngayon, dati kasi medyo wavy tapos hine-headband-an ng yaya niya. Outfit niya ngayon, nakasuot siya ng Chuck Taylor high tops na magkaiba kulay: isang violet tapos isang itim. Ta's naka-t-shirt siya na Jack Skellington. 'Yung kaliwang braso niya, puno ng baller IDs saka sex bands. Halos umabot na sa siko niya.

Wala ba silang uniform ng pamilya niya para sa party? O baka ayaw lang niyang sumunod? Baka mas 'yun pa. Paminsan-minsan ay ibinabalik ko ang tingin ko sa kanin, cordon bleu, caldereta, saka carbonara na nakasalansan sa pinggan ko para hindi halata. Pero, paminsan-minsan din, nakikita ko sa gilid ng mata ko na parang tinitingnan-tingnan niya rin ako.

Nu'ng nakakuha na ng pagkain ang lahat, e 'di nagsiupo na. Nagpa-games 'yung panganay nina Mr. Faminiano. Comedy talaga kinalabasan. 'Yung matatanda lang ang mas nag-enjoy. Tinatawanan nila 'yung kapwa nilang gina-gout na saka nirarayuma, nakikipagbundulan pa sa pag-agaw ng upuan sa Trip to Jerusalem. Hagalpak din sila sa Pinoy Henyo, 'yung bagong pakulo sa *Eat Bulaga*. Samantala, kaming mga anak, nakaupo lang sa mga table. Tinapik ako ni Jonesy.

"Kuya, may twenty ka ba d'yan?"

"Wala para sa 'yo."

"Sige na, papa-load lang ako saglit du'n sa tindahan. Gusto ko nang mag-GM."

Sumingit sa usapan namin si Papa, "Bukas na lang, hingi ka kay Mama."

"Ba't 'di kaya ikaw na ang magbigay?" sabat ni Mama.

Sinulyapan ko si Patricia. Nakapangalumbaba siya habang pinapanood 'yung nanay at tatay niya. Naubos ang oras nila sa laro. "Pechay" 'yung word na 'di nila nahulaan. Bumuntonghininga si Patricia at bumalik sa pagte-text sa pink niyang Motorola Razr. Buti pa siya. Mukhang naka-plan.

Lumapit si Tito Joey sa table namin.

"Chard, patulong du'n sa ibababa sa kotse."

Ngumiti si Papa sa 'kin habang tumatayo mula sa upuan. Sumunod siya kay Tito Joey. Nakita ko silang pumasok sa isang pinto sa likod banda, sa sulok ng front yard. Papunta 'yun, alam ko, sa garahe nina Tito Joey. Ano naman kaya 'yun?

Tinanaw ko ulit si Patricia. Hinawi niya 'yung bangs niya ta's nadapo 'yung tingin niya sa 'kin. Putsa, huli niya 'ko. Umiwas agad ako ng tingin, balik sa mga nagpi-Pinoy Henyo. Sina Mr. at Mrs. Manliclic na. 'Tragis 'yan, "General Santos City"! Dali-dali lang nu'n! Kung ano-ano pa kasi tinatanong nito ni Mr. Manliclic. "Nasa Pilipinas? So nasa Pilipinas nga?" Ang kulit ampota! Pero grabe… si Patricia, iba 'yung dating 'pag 'di kayo nagkita nang matagal. 'Yung tipong memory mo lang sa hitsura niya ay nu'ng bata pa kayo. Ngayon, ganu'n na. Napansin ko parang naka-eyeliner pa siya. Tsk. Kausapin ko kaya?

Bumalik na si Papa sa table namin.

"O, an'yun? Ba't nagpatulong pa si Joey?" tanong ni Mama.

"Wala, may binuhat lang na kung ano-ano para sa raffle mamaya," mahingal-hingal pa si Papa sa pagsagot.

"Raffle? Ano'ng mga premyo?"

"Cash prize ba 'yan, Pa? Alam mo palang may raffle, ayaw mo pa 'ko bigyan ng twenty kanina!" ingit ni Jonesy.

"O'nga, Pa, akala ko exchange gift lang meron mamaya," sabat ko.

Nagpamewang si Papa, saka inangat 'yung salamin niya sa ilong, "Aba, surprise! Abangan n'yo na lang!"

"Sus…" Tumayo si Mama. "Matikman na nga lang 'yung crema de fruta."

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

“Ma, sama ‘ko!” at sinabayan ni Jonesy si mama papunta sa buffet table.

Sinundan ni Papa ng tingin si Ma at Jonesy. Nu’ng nakita niyang busy na silang kumuha ng pagkain du’n sa buffet table, saka siya nagsalita. Mahina.

“TV ‘yun, Bugs. Samsung,” sabi niya, nakatingin pa rin kay Mama na humihiwa ng kaprasong crema de fruta, inilalagay sa platito na hawak ni Jonesy.

“Grabe, TV?”

“Sssssssst. Hinaan mo boses mo. Surprise ‘to sa lahat. Kami lang ni Joey ang may alam.”

‘Di na ako nakasagot pa. Grabe, sino kayang nag-donate nu’n? Kung kami ang mabunot sa raffle mamaya, nakow, baka himatayin si Mama. Ta’s pagka-recover, si Papa na siguro ang pinakamagandang lalaki sa mundo. At magagawa na ni Jonesy ‘yung mga balitaan homework niya sa A.P (na pang-cover lang talaga niya sa tunay na hangarin na subaybayan ulit ang *Getbackers* sa Channel 2). Hindi na rin masama kung makanood na ulit ako ng *Survivor* saka *The Amazing Race* sa Studio 23. Sana malinaw reception du’n sa TV. ‘Yun, siyempre, ay kung mabunot.

Dumating na sa exchange gift. ‘Yung alam kong mangyayari talaga dito sa party na ‘to, bukod sa games at kainan. One per family ang usapan sa regalo. At hindi lalampas sa 1,000 ‘yung presyo. Ipinalagay ni Tito Joey ‘yung iba-ibang nakakahon at nakabalot na mga regalo—maliliit at malalaki—sa table na hinila nila papunta sa harap. Bunutan system. Nagpunit-punit ng papel si Tito Joey ta’s sinulatan ng mga number. Nilagay niya ito sa isang tasa. Bawat regalo naman ay sinulatan din ng corresponding number.

Umandar na ‘yung palaro. Tumingin ako sa mga bata. Wala nang halos me pake sa program, puwera siguro sa amin ni Jonesy. Talagang ‘yung mga gurang na lang ang nag-aabang sa mga puwedeng mapanalunan. Lumipat na rin sina Mama at Papa ng puwesto sa ibang table malapit sa harap. Kasama nila sina Mrs. Manliclic. Nagpaiwan lang kami ni Jonesy dito sa original table.

“Ano kaya makukuha natin, Kuya Bugs?”

Hindi ko inalis ‘yung paningin ko sa harap, huminga ako nang malalim, iniisip pa rin ‘yung TV na ipapa-raffle mamaya. Bano kasi ako magsinungaling. “Let’s see na lang.”

Si Mama ang bumunot ng numero nu’ng dumating na ang turn nila. 7. Hinagilap ni Tito Joey ‘yung box na sinulatan ng number 7. Pagkatapos,

humugot siya ng medyo matangkad na box na nakabalot ng silver gift wrapper. Ngumiti si Mama kay Tito Joey habang tinatanggap niya 'yung regalo. Dinala ni Mama sa amin 'yung iuuwi namin galing sa exchange gift.

"Wow! 'Yung ganyan, SM 'yan e. Silver 'yung gift wrapper." Wala na akong mahirit e, hirap na akong itago 'yung tungkol sa raffle.

"Ano 'yan? Ano 'yan? Buksan ko na!" kinuha agad ni Jonesy at tinimbang-timbang, inalog-alog 'yung kahon.

"Pustahan termos 'yan." tumingin-tingin si Mama sa paligid, du'n sa ibang mga pamilya. "Tsk, 'sto ko sana nu'ng kuwan e, 'yung nakuha nina Janet. Bagay 'yung ganu'ng kurtina sa isa nating set ng bed sheets e. 'Di bale na."

Pinunit ni Jonesy 'yung balot ng regalo. Termos nga.

"O, 'ta mo..." tinapik-tapik ni Mama 'yung box.

Nagsalita ulit sa mic si Tito Joey.

"Ayan, nakakuha na po siguro ang lahat ng regalo. Actually, a, may onting surprise tayo for dis evening."

Sumenyas siya sa driver nila. Pumasok siya sa pinto, du'n sa pinanggalingan nina Papa saka Tito Joey kanina. Nagbulungan mga tao. Eto na siguro 'yon.

"Uh, kasi po ano, sa... sa kabutihang-loob po ni Mr. and Mrs. Ongkiko, 'yung ating, uh, butihing mga, me ari po ng Breezyville Subdivision, bilang pag-congratulate sa pagkakasemento sa, dito sa kalye natin, may bigay po silang ipapa-raffle natin para sa gabing ito. Gusto po nilang iparamdam na, uh, we are part of the entire Breezyville community. Ito na po."

Nilabas na ng driver nina Tito Joey 'yung box ng TV. Samsung. 20 inches, nakalagay du'n sa box. Grabe, ang nipis pala. Samantala 'yung JVC namin na sira, nakalawit na 'yung likuran doon sa pinagpapatungan naming mesa. Inaalalayan nu'ng driver du'n sa taas 'yung kahon habang pinapagulong niya 'yung cart sa walkway sa gitna ng damuhan nu'ng front yard. Sabay-sabay na "oooh" saka "aaah" ang narinig sa mga magkakapitbahay. Tiningnan ko sina Ma saka Jonesy. Pareho na silang nakatayo. Kitang-kita ko 'yung paglaki ng mata nila. Isinabuhay ni Jonesy 'yung pagiging pusa sa pelikula kung saan siya ipinangalan.

Heto na. Heto na nga.

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Pati ‘yung mga batang pokus na pokus sa mga cellphone nila o mga gadget, napatingin e. Maski si Patricia, pinansin din ‘yung dinala sa harapan na jackpot prize. Siguro ibang brand lang ‘yung sa kanila, pero ganu’n na rin ang specs. Nagsalita ulit si Tito Joey.

“Bale, gan’to po gagawin natin, ano? May bukod po tayong bunutan para diyan sa…” Binasa niya saglit ‘yung script niya. “20-inch, Samsung, flat screen TV na bigay nina Mr. and Mrs. Ongkiko. Nandito po kay Mrs. Dela Paz, ang ating treasurer, ang isang box na may lamang mga nakatiklop na itim na papel. Bale bubunot po, kada pamilya, bubunot ng isang papel. Ayan ho, mauuna na ho ako.”

Nakakuha na siya ng isang papel bago niya pinasa kay Papa na katabi niya, sunod si Mrs. Dela Paz, at saka dinala ang maliit na kahon sa mga pamilyang nakaupo sa mga table.

“H’wag po munang bubuksan, a! Wala pong mandadaya. Pagkabilang ko po ng 5 secands, saka po bubuksan ‘yung papel. Kung sino me hawak ng may ekis ng silver pentel pen, siya ‘yung makakuha ng premyo.”

Naging restless na mga tao. Si Mama naman, kabaliktaran, parang tuod na nakaupo lang na nakakapit sa katabing bakanteng monobloc chair. Si Jonesy, parang may nakitang sardinas o daga tapos nagre-ready na sunggaban. Halatang silang dalawa ang pinakakakabado at abang na abang du’n sa TV. Gumalaw lang si Mama para kumuha ng panyo, saka pinahid ‘yung pawis sa noo niya.

“Sige po, a, ready…”

May isang ungas na nagbukas agad. Rinig ko mula sa table nila ‘yung pagsigaw niya ng “sayang!”. ‘Yan kasi, atat masyado.

“5! 4! 3! 2! 1!”

Naglululundag si Papa! Pinakita niya ‘yung ekis na silver sa hawak niyang papel. Nagtititili si Mama! Pumala-palakpak habang patakbo sa harap para samahan si Papa. Napatayo rin bigla si Jonesy, buti nasalo ko ‘yung kahon ng termos kasi natabig niya sa mesa.

“O! Si Chard ang nakabunot! Chard, congratulations! Sa inyo ni Meling mapunta ang flat screen TV!”

Nagpalakpakan din ang mga kapitbahay namin. Umikot-ikot si Papa sa mga upuan. Kumaway siya sa mga tao. Kinuha niya ‘yung mic kay Tito Joey.

“Grabe, Meri Krismas talaga! Salamat kina Mr. saka Mrs. Ongkiko!”

Pambihira, nawala bigla ‘yung Ingles-Inglesan niya kanina sa opening remarks, a. Kinawayan niya lahat ng mga kapitbahay habang hawak sa kabilang kamay ‘yung papel pati ‘yung mikropono. Kinamayan siya ni Tito Joey. Si Mama, napayakap kay Mrs. Manliclic na nakaupo malapit du’n sa harap. Si Jonesy, lumapit sa premyo namin at sinalat-salat, hinimas-himas ‘yung kahon ng TV. Ayun na siya. Ang nagagawa nga naman ng technology. At ng mayayamang benefactor. Iniwan na lang muna ni Papa sa harapan ‘yung TV.

“Amin ‘yan a! Hehehe!” at tinuro-turo niya ‘yung premyo habang lumalayo kasama si Mama at Jonesy pabalik sa kinauupuan ko.

Tawanan naman ‘yung mga tao. Lumipas ang ilang minuto, saka nag-settle down na rin ang lahat.

“Uh, I would like to just tengk all op you for dis evening.” Nagpatuloy sa closing speech si Tito Joey. Tapos na ‘yung program proper. Hinanap ko si Patricia. Nagte-text na lang ulit siya sa kaniyang pink na Motorola Razr. Nakangiti. Hala, sino kaya ‘yung ka-text niyang ‘yun? Syota? O baka naman binabalita lang niya sa mga tropa niya na may nanalo dito sa Christmas party sa street namin ng flat screen TV. “Nakaase-asenso ‘yung kapitbahay namin,” ganu’n kaya sinasabi niya?

Nagsimula nang mag-videoke ‘yung mga gurang. Nilabas na rin ‘yung mga bote ng wine, hard, saka beer sa kalapit na mesa ng buffet. Si Papa unang kumuha ng wine glass at saka nagpalagay ng red wine sa waiter. Tumayo muna siya sa tabi ng refreshments table bago tiningnan si Tito Joey na unang sumalang sa kantahan. *Green Green Grass of Home* binanatan ni tito. Bagay na bagay sa kaniya. Alam ko, nag-iisip na si Papa kung anong kantang isasampol sa kapitbahayan. Lumapit ako sa refreshments table. Humingi naman ako ng Pale in can. Tinabihan ko si Papa.

“O, Pa, anong kakantahin n’yo?”

“Chikret!” Kinindatan niya ‘ko. Tapos humalakhak. “These people aren’t ready for what’s comin’!”

Sumip ako ng isa du’n sa beer ko. Lapitan ko na nga ‘tong si Patricia. Ano naman sasabihin ko? Naaalala pa kaya niya ‘ko? Sulitin ko na siguro ‘tong gabing ‘to. Tutal, nanalo na rin lang kami ng flat screen TV, e ‘di itodo ko na. Confidence. Composure. Relaks, kaya mo ‘to, Bugs.

Nagtatlong hakbang ako papunta sa table ni Patricia.

“Uy, kumusta na?”

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Tinapik ko siya sa balikat. Sabay ngiti. Iniangat ni Patricia 'yung ulo niya para tingnan kung sino ako. Kumunot noo niya at saka umangat unti-unti 'yung kaliwang kilay niya.

"Uh… hey?"

Awkward silence.

"Uy… 'di ba, uh, magkababata tayo! Hehe… alala mo? Naglalaro tayo nu'n e. Uh, I mean, we used to play games. Hehe."

Binulsa niya 'yung Motorola Razr niya saka tiningnan ako mula ulo hanggang paa. Nakakunot 'yung noo niya. Shittttt. 'Di niya 'ko maalala. Wala siyang maalala. Anong "games"? Gusto kong mag-self-destruct. Ilang segundong katahimikan pa ang lumipas, tumingin-tingin siya sa paligid. Nagsimula siyang ngumiti nang alanganin, saka dahan-dahang umiling.

"Uhm…sorry. I, I can't really recall."

Yumuko na lang ulit siya. Kinuha niya ulit 'yung cellphone sa bulsa at nakita kong nagbukas siya ng text message. Tinutok niya 'yung mga hinlalaki niya sa keypad kahit wala pa siyang tine-text.

Hindi ko na binilang 'yung mga hakbang ko pabalik sa table namin, dala-dala 'yung beer ko. Tang-inaaa, sana 'di na lang ako nagpa-cool. Pa-cool ka pa kasing gago ka. Nilabas ko 'yung cellphone ko sa bulsa, check kung may nag-text. Siyempre, wala. Munggago lang. Wala naman talaga akong ka-text kasi, tulad ni Jonesy, 'di rin ako nakapagpa-load ngayong gabi. Mga ilang minuto ako nagbukas-bukas ng mga dating message, pindot-pindot, kunwari sobrang daming kailangang replyan kahit wala. Gusto ko nang umuwi nu'n pero nakina Mama 'yung susi sa bahay.

Hintayin ko na lang. Lumagok pa ako ng isa sa beer. Badtrip. Si Papa na sumalang sa mic.

"Magandang gabi po! Thank you all for coming to this concert!"

Nakaupo na si Mama sa harap, tinabihan niya si Papa sa may malapit sa videoke. Mag-e-eleven na nu'n. At kita kong kakapa-refill ulit ng wine glass ni papa, pero kulay-patis na. Nako, binanatan na yata niya 'yung mga hard. Sinimulan ni papa ang *Twist and Shout*. Tayuan 'yung mga gurang, nagsisayawan. Itinayo ni Tito Joey si Tita Marilou saka nagsayaw sila sa gitna. Cheer lahat! Pinanood ko performance ni Papa. Kung Beatles lang ang usapan, magkasundo talaga kami d'yan. Buti pa si Papa, panalo sa gabing 'to.

Inubos ko na 'yung beer ko.

"Jonesy, kuha mo naman ako ng beer. Ikaw, baka gusto mo rin."

Humikab siya, "Ehh… ikaw na kumuha."

Tsk, dadaan na naman sa harap ni Patricia. Huwag na lang. Dapat kasi 'di ko binigla. Dapat siguro umupo muna ako sa tabi. Ay hindi, mas creepy pa siguro 'yun. Baka dapat dinalhan ko ng salad o kaya inumin? Ano 'yun, ako na nag-waiter? Oh well. Malamang naman 'di na kami magkikita pagkata's nitong party. Sana nga 'di na kami magkita. 'Pag papasok naman ako, 'di ko naman siya nakakasabay maglakad sa street o mag-abang ng dyip sa tapat ng Breezyville. O baka kasi, malamang, hatid-sundo siya.

Nakipagdaldalan si Papa sa mga tao pagkatapos nu'ng kanta, parang nagtatanong kung wala nang ibang susunod. Pumunta nu'n 'yung iba pang mag-asawa para pindutin 'yung mga gusto nilang ipilang kanta. Parang puro mga duets ang pinili ng mga kapitbahay.

Habang umaandar 'yung kantahan, panay ang pa-refill ni Papa sa basong hawak niya. On the rocks. Whiskey ulit 'yung boteng dala ng waiter. Pa-refill nang pa-refill hanggang sa iniwan na lang nu'ng waiter 'yung bote du'n sa mesa ni Papa, saka dinalhan siya ng isang bowl ng yelo. Nagsimula nang pumungay mata niya. 'Tay tayo d'yan. Masama 'to. Inisip ko 'yung last time na nalasing si Papa, sa isang swimming namin sa Montalban nu'ng umuwi si Tito Randy galing Singapore. Biglang may pancakes ng suka niya du'n sa gilid ng pool e. Isang linggong 'di siya inimik ni Mama nu'n. Last na dapat ni Papa 'yung hawak niyang baso ngayon. Aayain na namin ni Jonesy sila umuwi, inaantok na rin kasi 'tong isang 'to. Oks na, quota na tayo sa mga nakakahiyang pangyayari.

Kinuha ulit ni Papa 'yung mic, "O, ako na ulit a?"

*Whip It* ng DEVO ang sunod na in-enter ni Papa sa videoke. Uy, dalawa 'yung boses ng kantang 'yun, a? Saka parang hindi kompleto kung hindi gagayahin 'yung magkaibang vocal delivery nina Mark Mothersbaugh saka Gerald Casale.

"O, eto, eto, eto, my friends, para sa anak ko 'to. Bugsy! 'Nak, labyu, 'nak!"

Puuuuuuuuuuuuuuuutang ina, nananahimik na 'ko dito e. Nag-thumbs up lang ako. Ay's 'yan, Pa. Tuloy n'yo lang. Chineck ko kung nakikinig si Patricia. Nakayuko pa rin siya, ta's may nakapasak na na puting earphones sa mga tenga niya. Ayos. Buti 'di na siya nanonood.

"Cuh-raaash and whip!"

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

Magaslaw na kilos ni Papa. Pero sige pa rin siya sa performance. Pinapasunod pa niya sa pagpalakpak sa beat ‘yung mga kapitbahay. Nahalata kong medyo naiilang na si Mama sa kinauupuan niya. Tantiya ko, gusto na lang niyang iuwi ‘yung TV na napanalunan. Pero sina Tito Joey, Tita Marilou, Faminiano family, Manliclic family, it iba pang mga kapitbahay, tuwang-tuwa saka tuloy-tuloy sa pagpalakpak.

“I say whipit!

“Whipit gewd!”

Dumating sa interlude ng kanta. Binaba ni Papa ‘yung mic saka ‘yung baso niya sa sahig at saka nag-robot dance. Hindi na niya tinuloy ‘yung pagkanta. Habang sumasayaw siya, inaalis niya ‘yung pangalawang butones ng polo shirt niya.

Tapos, bigla-bigla, hinubad niya ‘yung polo shirt niya at winasiwas ilang beses nang parang latigo!

Pinulot ulit niya ‘yung mic. Sumigaw siya habang nakataas ang isang kamay, “Itaas ang kamay at iwagayway!”

Du’n humiyaw at pumalakpak nang pinakamalakas ‘yung mga tao sa buong gabi ng Christmas party. Sumunod ang lahat ng mga kapitbahay sa rhythm ng braso ni Papa. Left. Right. Left. Right. Kagat-labi pa si Papa habang pinapasunod ang audience niya.

‘Di ako makagalaw sa upuan ko. Tumayo si Mama, nahagip pa ng paa niya ‘yung baso ni Papa sa sahig at nabasag pa ‘yung baso. Binaba niya ‘yung mga braso ni Papa. Bumubulong ito sa kaniya saka hinahampas-hampas ‘yung braso. Inalalayan niya si Papa pabalik sa upuan. Sumenyas siya sa ‘kin na kunin ko raw ‘yung polo shirt ni Papa sa sahig.

“Hala, Kuya Bugs, ba’t nakahubad si Papa!” naalimpungatan na si Jonesy.

“Tawagin mo na lang ‘yung kasambahay nina Tito Joey. Sabihin mo, may nabasag na baso du’n sa harap.”

Humagalpak sa tawa lahat ng kapitbahay. Pati ‘yung driver ni Tito Joey ay nakita kong tumatawa du’n sa upuan malapit sa pinto papuntang garahe. Nag-flash ang score sa screen ng videoke. 85. “Very good!” At tumambad sa paningin ko ang kinakatakot ko. Nakita kong nakahawak si Patricia sa isang earphone, nakaalis sa kaliwa niyang tenga. Gulat na gulat siya sa nangyayaring eksena sa harapan.

Pumunta ako sa harap, iniwasan ko ‘yung mga bubog, tapos pinulot ‘yung polo shirt ni Papa. Lumapit ako kay Papa, tapos umakmang tutulungan na siyang isuot ulit ‘yung polo shirt, saka siya nagsabi, “Bugs, help, nasusuka ako.”

Nalukot ‘yung mukha ni Mama, “Ikaw na d’yan, Bugs, a.”

Pagdating namin ni Papa sa CR sa loob ng bahay nina Tito Joey, bigla siyang lumuhod sa harap ng kubeta at bumulwak ng suka. Tinapik-tapik ko ‘yung likod niya. Pinampunas ko na lang ng pawis niya sa likod ‘yung polo shirt kasi nalimutan pala niyang magdala ng bimpo.

“Uggggh…,” niyakap ni Papa ‘yung bunganga ng kubeta.

“Pa, h‘wag n’yo nang hawakan ‘yung toilet, madumi ‘yan!”

Sumuka pa siya nang isang beses. Hinipan niya ‘yung mga natirang hibla mula sa labi niya, ta’s nagsimula siyang magsalita.

“Di-dinaya ko ‘yun, Bugs. Ehehe. He. Ki-Kinuntyaba ko si Joey. Hehehe. Masaya na ba si Ma saka Jonesy?”

Hindi ko na nakuhang mag-react sa pag-amin niya. Kumuha ako ng tisyu at saka pinahid ‘yung mga natitirang suka sa baba niya. Tinulungan ko siyang makatayo at makapaghilamos du’n sa lababo. Ako na ‘yung nagsuot ng polo shirt sa kaniya. Hindi ko na binutones.

Inalalayan ko siya pabalik sa table kanina. Nandoon si Mama at Jonesy, kausap ‘yung driver nina Tito Joey.

“Manong, pasuyo naman, patulong na lang du’n sa TV, baka puwedeng ihatid na lang gamit ho ‘yung kotse. Jonesy, tulungan mo si Manong, a.”

“Sige, Ma.”

Dumaan naman ‘yung kasambahay na may dalang dustpan at walis, naroon sa dustpan ‘yung mga bubog ng baso ni Papa. Nagso-small talk na lang ang ilan sa mga kapitbahay namin habang palabas ng front yard. Hindi ko na rin makita ‘yung pamilya nina Patricia, nauna na sigurong umalis. Lumapit sa amin si Tita Marilou.

“O, Meling, okey lang ba si Chard?”

“Ay, okay na, h‘wag ka nang mag-abala Marilou, kami na lang ni Bugsy ang aalalay sa kaniya pag-uwi. Pasensiya na, ha? Okay lang ba, nakiusap kami kay Manong na ihatid ‘yung TV sa bahay?”

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University

"Ay oo, oo, sige lang. Ang sabi naman talaga sa 'kin ni Joey, dadalhin daw nila ni Rodel sa inyo 'yung TV. Walang problema."

Nu'ng nakalayo na si Tita Marilou, humarap sa 'kin si mama.

"O ano, kaya mo na 'yan? Sasabay ako kina Jonesy, baka kung ano mangyari du'n sa TV e."

"Opo, Ma. Ako na 'to."

Mga eleven na nu'ng magising ako kinabukasan. Paglabas ko ng kuwarto, nasa salas sina Mama saka Jonesy, pinagtutulungang i-setup 'yung TV. Nakapatong sa ibabaw ng sofa 'yung malaking kahon saka nakabalandra sa sahig 'yung mga styrofoam saka plastik na pinaglagyan ng mga piyesa.

"Hindi, hindi, kailangan daw talagang i-connect e." nakatingin si Mama sa manual.

Nandu'n naman si Jonesy sa likod ng TV, nagkakamot ng ulo. "Ma, antayin na kasi nating magising si Pa. Siya makakapag-ayos nito."

"Bugs, check mo nga kung gising na si Papa mo."

Pumunta ako sa kuwarto nila ni Mama. Nilatagan siya ni Mama ng sleeping bag sa sahig at nakasalampak si Papa roon, nakatagilid. Buti na lang at wala akong nakitang mga bakas ng suka sa unan o sa tabi ng sleeping bag. Niyugyog ko balikat niya.

"Pa, hanap ka ni mama. Papatulong du'n sa pagse-setup sa TV."

"Mmmm…"

"Pa…"

"Mmm…"

"Pa…"

Wala 'to. Mamayang hapon na siguro 'to. Lumabas na 'ko, bumalik kina Mama.

"Ma, ayaw gumising e. Bukas n'yo na lang 'yan i-set up." Hindi nila ako pinansin. Nagpatuloy lang sila sa pangangalikot sa TV.

Nadaanan ko ulit 'yung book shelf namin sa hallway. Tumayo ako sa harap nito at tiningnan ulit 'yung *Structural Code*. Kinuha ko 'yung libro, at saka

dinala sa kuwarto. Ipinatong ko sa study table at binuklat kung saan ko inipit ‘yung yellow pad ko kagabi. Simula pa lang ‘to. Pagkatapos ng thesis, pagka-graduate ko next year, marami pang requirements na kailangang asikasuhin. Makikisabay ba ‘ko sa mga kaklase ko na nagbabalak nang mag-review center? Mahal din kasi e. Nagkasundo na kami nina Ma at Pa na iraraos ko na lang ‘yung pagre-review mag-isa.

Naisip ko na naman si Patricia. Grabe, sobrang nakakahiya ‘yung kagabi. Para na ring na-flush sa kubeta ‘yung anumang tsansa na makaporma ako du’n. Baka rin kasi nadala lang ako du’n sa tagal na hindi kami nagkita. Baka iyon lang ‘yon. Pero baka kasi may chance e. Nainis ako bigla. Nalasing pa ‘tong si Papa. Nagpasikat pa. Ito naman ding si Ma saka Jonesy, wala nang ibang inisip kundi TV, TV, TV… Pambihira naman o…

Dinampot ko ulit ‘yung *Structural Code*, lumabas ng kuwarto, at binalikan si Papa sa kuwarto nila ni Mama. Nakatihaya na siya saka nakanganga. Ibinagsak ko ‘yung makapal na libro sa mukha niya.

“Aguy… ano ‘yun…” kinapa ni Papa ‘yung libro, saka iniangat mula sa ulo niya.

“Pa, kanina ka pa inaantay nina Mama! ‘Yung TV daw!”

“Mmm…” umupo na si Papa du’n sa sleeping bag. Hinimas-himas niya ‘yung noo niya. Tiningnan niya ‘yung libro. “O ano ‘to, *Structural Code* mo ‘to, ‘di ba?”

“Oo Pa. Basahin mo na rin kaya ulit ‘yan? Sabayan mo ‘ko.”

https://archium.ateneo.edu/katipunan/ • © Ateneo de Manila University